Mga Espesyal na Item na Nangangailangan ng Espesyal na Pangangasiwa

- Cell Phone at Electronics: Bumisita sa **recyclestuff.org** para sa isang listahan ng mga lokasyon.
- Matatalim na Bagay: Makipag-ugnayan sa provider ng iyong pangangalagang pangkalusugan o bumisita sa **smchealth.org/sharps** para sa mga lokasyon.
- Gamot: Bumisita sa **smchealth.org/RxDisposal** para sa mga lokasyon.
- Mga Pampasabog (mga marine flare): Makipag-ugnayan sa lokal na tagapagpatupad ng batas.
- Ammunition (mga bala): Makipag-ugnayan sa lokal na tagapagpatupad ng batas.
- Asbestos: Makipag-ugnayan sa Altamont Landfill, 925-455-7300 o sa Recology Hay Road, 707-678-4718.
- Mga Smoke Detector: i-recycle ang baterya. Makipag-ugnayan sa manufacturer para sa mga opsyon sa pag-recycle.

Para sa mga item na nakalista sa ibaba, tumawag sa **650-372-6200,** o mag-email sa **HHW@smcgov.org**.

- Mga Pressurized Gas Cylinder (maliban sa propane)
- Medikal at Biological na Basura
- Mga Radioactive

Mga Hindi Mapanganib na Item na Hindi Nangangailangan ng Espesyal na Pangangasiwa

- Mga Lalagyang Walang Laman: Tiyaking walang laman ang lalagyan, alisin ang takip nito, at ilagay ito sa recycle bin.
- Grout
- Spackle
- Mga Bloke/Piraso ng Semento
- Latex na Silicone-Based na Caulk

Mga Libreng Produkto sa Bahay

Halina't tingnan ang mga shelf sa warehouse para sa iba't ibang produkto na bahagya lang nagamit.

Nag-iiba ang mga oras ng negosyo ng warehouse,pumunta sa Programa sa Pamimigay ng Libreng Produkto (Free Product Give Away Program) sa **smchealth.org/hhw** para sa mga detalye.

Maghanap ng Koleksyon Malapit sa Iyo

Mga Taunang Koleksyon

- Half Moon Bay
- La Honda
- Portola Valley

Mga Pana-panahong Koleksyon

- Daly City
- East Palo Alto
- Foster City
- Menlo Park
- Redwood City

Mga Buwanang Koleksyon

- Pacifica (pangatlong Sabado)
- South San Francisco (unang Sabado)

Mga Lingguhang Koleksyon

- San Mateo

Magpa-appointment sa **smchealth.org/hhw**

o tumawag sa**650-372-6200.**

SAN MATEO COUNTY HEALTH
ENVIRONMENTAL HEALTH SERVICES

Printed on 100% post-consumer recycled content. 12/2021

MAPANGANIB NA BASURA SA BAHAY

NA MASYADONG NAKAKALASON PARA ITAPON

smchealth.org/hhw

Ano ang Mapanganib na Basura sa Bahay?

Ang mga hindi kanais-nais na kemikal sa bahay ay mga mapanganib na basura sa bahay (household hazardous waste, HHW). Maghanap ng mga label na nagbibigay ng babala (danger, poison, flammable, toxic, corrosive, o oxidizer) sa lalagyan. Hindi ligtas at ilegal na itapon ang mga ito sa basurahan, lababo, o alkantarilya.

Makikita ang mga mapanganib na produkto sa maraming lugar sa iyong bahay, gaya sa garahe, shed, at sa ilalim ng lababo sa kusina o banyo. Ipamigay ang hindi mo na magagamit, o dalhin ito sa isang libreng koleksyon ng HHW sa County. Makakakita ng mga lokasyon para sa pag-recycle at iskedyul ng koleksyon sa **smchealth.org/hhw**.

Bawasan ang mga mapanganib na basura sa bahay sa simula pa lang. Bilhin lang ang kailangan mo, at maghanap ng mga hindi masyadong nakakalasong alternatibo sa **smchealth.org/healthyhome**.

May Mga Nakakalasong Bagay sa Bahay? Tutulungan Ka Naming Ligtas na Mapangasiwaan ang Mga Ito

Mga Baterya sa Bahay[1]
AAA hanggang sa 9-volt, button para sa mga hearing aid at relo, at iba pang uri. (I-tape ang mga terminal bago i-drop off ang mga ito.)

Mga Fluorescent na Ilaw[2]
Lahat ng size at uri (may limitasyong 10 tube/ bumbilya sa bawat pag-drop off).

Mga Pintura[3], Supply sa Pagpipintura, at Pagpapaganda ng Bahay
Mga pintura, stain, thinner, varnish, epoxy, fiberglass, roof tar, atbp.

Mga Fertilizer, Herbicide, at Pesticide para sa Hardin
Mga powder, bait, o iba pang produkto para sa pagpatay ng mga peste (mga langgam, ipis, pulgas, kuto, atbp.) sa loob at sa paligid ng iyong bahay.

Mga Propane Tank at Likido para sa Outdoor na Pagluluto
Lighter fluid, fuel para sa camp stove, propane tank para sa mga gas grill.

Mga Kemikal para sa Paglilinis ng Bahay
Mga bleach, pang-alis ng mantsa, all-purpose na panlinis, atbp.

Mga Supply para sa Sasakyan, Baterya ng Sasakyan at Motor Oil[1]
Antifreeze, brake fluid, gasolina, diesel, mga fuel additive, fluids, chrome polish, maraming panlinis, roadside flare, at wax.

Mga Aerosol Can
Mga spray paint, hair spray, o iba pang aerosol spray (maliban sa mga food grade na produkto gaya ng mga cooking oil spray).

Mga Hobby
Mga photo chemical, glue, epoxy, dye, atbp.

Mga Pool o Spa
Mga kemikal para sa treatment ng tubig sa bahay.

1 Puwedeng magbigay ang iyong lokal na kumpanya na nangangasiwa ng basura ng serbisyo para sa pag-pick up sa curbside para sa mga baterya sa bahay at nagamit nang motor oil at filter.

2 Puwedeng tumanggap ang ilang hardware store, transfer station, at/o recycle yard ng mga fluorescent bulb at/o tube nang walang bayad mula sa publiko.

3 Puwedeng dalhin ang mga item na ito sa isang lokasyon para sa pag-drop off ng PaintCare. Tingnan ang paintcare.org para sa listahan ng mga lokasyon.

Para sa kumpletong listahan ng mga lokasyong malapit sa iyo, tingnan ang recyclestuff.org

Programa ng Pag-drop Off sa Pasilidad para sa HHW

Sa County ng San Mateo ka dapat nakatira para magamit mo ang libreng programa ng pag-drop off sa pasilidad. Hindi lahat ng mapanganib na produkto ay nangangailangan ng appointment sa pasilidad. Tingnan ang smchealth.org/hhw at **recyclestuff.org** para sa mga lokal na center para sa koleksyon.

1. Tantyahin Kung Gaano Karaming Basura ang Mayroon Ka

- Ibatay ang mga pagtatantya mo sa aktwal na produkto sa lalagyan, hindi sa bilang o size ng mga lalagyan.

2. Tingnan ang Mga Size ng Iyong Mga Lalagyan at ang Limitasyon sa Volume

- Puwedeng hanggang 5 galon ang size ng bawat lalagyan.
- Hanggang 10 galon (50 libra) ang limitasyon sa volume. Limitado ang mga fluorescent light sa 10 tube/bumbilya.

3. Magpa-appointment ng Walang Bayad

- Online sa **smchealth.org/hhw**, o tumawag sa **650-372-6200**.
- Magpa-appointment para sa bawat limitasyon sa basura (hal. 2 appointment, 10 galon bawat appointment).
- Kinakailangan sa bawat appointment ang hiwalay na pagpunta sa koleksyon sakay ng iyong sasakyan.

4. I-package at Ibiyahe ang Basura

- Ipinagbabawal ng mga regulasyon ng estado ang pagbiyahe ng mahigit sa 10 likidong galon o 50 solid na libra ng mapanganib na basura sa iyong sasakyan.

5. Pagdating Mo sa Drop-off

- Manatili sa iyong sasakyan.
- Patayin ang iyong makina.
- Patayin ang anumang umuusok na materyal.

Manatiling updated sa mga koleksyon ng mapanganib na basura sa bahay sa hinaharap. Mag-sign up para sa mga alerto sa email sa **smchealth.org/hhw**.